Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**BIODIVERSITY MANAGEMENT BUREAU**
Ninoy Aquino Parks and Wildlife Center
Quezon Avenue, Diliman, Quezon City
Tel. Nos.: (632) 924-6031 to 35 Fax: (632) 924-0109, (632) 920-4417
Website: http://www.bmb.gov.ph E-mail: bmb@bmb.gov.ph

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
01 JUN 2022
P-2022-07430-CDD
☐ INCOMING ☑ OUTGOING
BY: DATS NO.

**MEMORANDUM**

FOR : **The Regional Executive Director**
MIMAROPA

**The PENR Officer**
Oriental Mindoro

FROM : **The OIC Director**
Biodiversity Management Bureau

**SUBJECT : REQUEST FOR A MEETING UPDATE ON THE STATUS OF THE SAMAHAN SA BAKAWAN NG BRGY. MAIDLANG (SBBM)**

DATE : MAY 27 2022

---

This pertains to the report of Mr. Democreto Alcantara, President of the Samahan sa Bakawan ng Brgy. Maidlang (SBBM) received by this Office last May 17, 2022 via email, reporting the status of the organization reiterating their issues and concerns at the moment. SBBM is one of the eligible People's Organization (PO) of Biodiversity-Friendly Enterprises (BDFE) that we were able to support by providing technical and financial assistance.

In relation thereto, we would like to request for a meeting to discuss the status of the said organization on your available date and time. Attached as **ANNEX A** is the email of the organization for your copy and reference.

For queries or clarifications, please contact Mr. Grick Cordero and/or Ms. Hiyas Crisostomo of this Bureau at grick.cordero@bmb.gov.ph / crisostomohiyas@gmail.com or you may call at 8925-8948.

For information and appropriate action.

**NATIVIDAD Y. BERNARDINO**

GovMail

**BMB Cmd <cmd@bmb.gov.ph>**

# Fwd: Status/ Report ng Samahan sa Bakawana nng Barangay Maidlang

1 message

**BMB Adirector** <adirector@bmb.gov.ph> Tue, May 17, 2022 at 4:36 PM
To: zitroaim@gmail.com, BMB Cmd <cmd@bmb.gov.ph>

---------- Forwarded message ---------
From: **Democreto Alcantara** <ddalcantara01@gmail.com>
Date: Tue, May 17, 2022 at 4:04 PM
Subject: Re: Status/ Report ng Samahan sa Bakawana nng Barangay Maidlang
To: <director@bmb.gov.ph>, <adirector@bmb.gov.ph>, <mimaroparegion@denr.gov.ph>, <ardts.mimaropa@gmail.com>, <vbtuddaojr590@gmail.com>

Lubos po akong umaasa na matulungan ng DENR ang SBBM. Maraming Salamat po.

**Democreto D. Alcantara**
SBBM President
09267830722

On Tue, May 17, 2022 at 3:55 PM Democreto Alcantara <ddalcantara01@gmail.com> wrote:

> Isang mapagpalang araw po sa inyo.
>
> Ako po si Democreto "Ricky" D. Alcantara, bagong presidente ng Samahan sa Bakawanan ng Barangay Maidlang (SBBM) naka base sa Barangay Maidlang, Calapan City, Oriental Mindoro.
>
> Humihingi po ako sa inyo ng tulong hinggil sa pagsasaayos ng proyektong ipinagkaloob ng DENR noong taong 2019-2020 at ang pagsasaayos/ pagpapalakas ng samahan. Kalakip nito ang liham/ sulat patungkol sa status/ report ng samahan.
>
> Maraming salamat po.

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV

OIC, Regional Executive Director

DENR by the Bay, Roxas Boulevard, Ermita, Manila

May 11, 2022

Sa Kinauukulan,

Isang mapagpalang araw po sa inyo. Bilang pangulo ng aming samahan (SBBM), nais ko pong maghatid ulat tungkol sa sitwasyon ng aming samahan at mga pag-aari nito tulad ng mga sumusunod:

*Plantation Islet- patuloy sa pagpapaunlad ng mga pananim ngunit may mga balakid pa rin sa paligid ng lugar.

*Watch Tower- matatag at kapaki-pakinabang sa lahat ng taong nakakarating dito.

*Signages- nasa tamang lugar ang pagkakalagay nito ngunit may isang bahagi na hanggang sa ngayon ay hindi pa ito naibabalik.

*Boardwalk- Napakikinabangan pa sa ngayon ngunit marami ng bahagi nito ang dapat ayusin at palitan.

*Floating Cottage- may damage ngunit hindi namin alam kung ano na ang status nito.

*Ecotrail- tuluyan na itong hindi napakinabangan dulot ng kapabayaan.

*Information Center- patuloy sa paglaki ng sira sa mga bahagi ng opisina.

*Bamboo Crab Traps- Wala kahit isang piraso ng nasabing proyekto.

Ako bilang pangulo ay dumudulog sa inyong tanggapan na kami bilang mga bagong halal na opisyales ay makagalaw nang maayos sa aming samahan, kaakibat nito ay humihiling kami na tulungan upang ang dating pamunuan ay magkaroon ng tamang pagtuturn-over sa amin ng lahat ng pag-aari ng samahan at lahat ng kapapelan ng samahan upang kami ay makapagsimula nang maayos. Last September 25, 2021 ng kami ay mahalal bilang mga bagong opisyales sa ginawang eleksyon sa pamumuno ng aming kapitana, matapos ang halalan ay ayaw nila kaming kilalanin bilang mga bagong opisyales dahil mayroon daw mali na naganap sa halalan na sila ang nagpadaloy. Hanggang sa ako, bilang pangulo ay inimbitahan na dumalo ng kanilang regular session sa barangay at doon sinabi nila sa akin na hindi nila ako tanggap bilang pangulo at ipauulit nila ito dahil hindi ipinagbigay alam sa kanila ang ginawang halalan bagamat kasama namin sa halalan ang kapitana at mga konsehal ng barangay at iba pang mga opisyales nito.

Dahil sa pangyayaring ito, kapag ang activity ng samahan ay sa barangay dumaan, hindi nila kami isinasali sa mga gawain ngunit kapag ang activity ay sa samahan nagsabi hindi nila ito pinapayagan at ang dami nilang dahilan.

Dahil sa pangyayaring ito labis na napabayaan ang lahat ng pag-aari ng samahan, kaya kami ay dumudulog sa inyong tanggapan upang kami ay matulungan sa bagay na ito. Sana sa lalong madaling panahon ay mabigyan kami ng kasagutan.

Sana sa tulong ng pahayag na ito ay mabigyan ninyo kami ng mabilisang tugon, upang sa muli ay mapangalagaan namin at maibalik ang sigla at pag-unlad ng aming samahan. Gabayan nawa tayo ng Panginoon sa ating makabagong panahon.

Lubos na gumagalang,

Democreto D. Alcantara

SBBM President